

Tips to Avoid Durable Medical Equipment Fraud

Sakop ng Medicare ang ilan sa mga pangmatagalang medikal na kagamitan o DME, mga prostetik, mga ortotik, at mga gamit na **mahalaga sa paggagamot**. Ang ibig sabihin nito, kinakailangang iriseta ng duktora and kagamitan bago ito ay mabayaran ng Medicare. Kung kakailanganin mo ng mga kagamitang medikal, kailangang tawagan mo **muna** ang iyong duktora. Pag inaprubang na ng iyong duktora ang DME, prostetik, ortotik, o kagamitan, makakahanap ka na ng isang supplier ng DME na inaprubahan ng Medicare sa pagtawag sa 1-800-MEDICARE o pagbisita sa website ng Medicare, www.medicare.gov. Ang supplier ng DME ang makikipag-appointment sa iyo bago ka pa bigyan ng kagamitan, upang masiguro na ang kagamitan ay angkop para sa iyo at sa iyong tahanan, at gagana ito.

Ito ang ilang tips upang maiwasan ang panlilinlang sa pangmatagalang medikal na kagamitan

HUWAG...

- ★ HUWAG ibigay ang iyong numero ng Medicare sa hindi mo kakilala, lalong-lalo na sa tumawag sa telepono, kumatok sa pinto, o sa mga naglalako ng “libreng” serbisyo kapalit ng iyong numero sa Medicare. Ang “libreng” serbisyo ay di nangangailangan ng iyong numero sa Medicare!
- ★ HUWAG tumanggap ng mga kagamitan galling sa taong tumawag sa iyo sa telepono o bumisita ng walang pasabi, kahit na sabihin nila na sila ay pinadala ng iyong duktora!
- ★ HUWAG tumanggap ng “libreng” kagamitan sa isang presentation o pagtitipon, o kagamitang hindi nireseta ng iyong duktora.
- ★ HUWAG pipirma sa mga kontrata o ibang kasulatan nang hindi ito nababasa, at kailanaman ay huwag pumirma sa blangkong kasulatan.

MAAARI...

- ★ MAAARI mong tawagan ang iyong duktora kung sa palagay mo ay mangangailangan ka ng DME o pangmatagalang kagamitang medikal, mga prostetik, ortotik, o mga gamit. Ang iyong duktora ang mag-oorder ng kahit na anong kagamitang kakailanganin mo.
- ★ BASAHIN mo ang Medicare Summary Notice (MSN) (Paunawa ng Buod ng Medicare) o Explanation of Benefits (EOB) (Paliwanagan ukol sa Benepisyo) na galling sa kumpanya ng iyong insurance. Bantayan ang mga kleyman para sa mga serbisyo o kagamitan na hindi mo naman ginamit, mga serbisyo o kagamitan na hindi naman nireseta ng iyong duktora, o iba pang pagkakamali sa paniningil.

The Illinois SMP (Senior Medicare Patrol) Program educates consumers about health care fraud, waste, and abuse. If you have questions about a claim on your Medicare Summary Notice or Explanation of Benefits, call the Illinois SMP program at **(800)699-9043**. Information about the Illinois SMP program is also available on our website: www.illinoismp.org.